“Yaman ngang tayo’y mayroong isang lubhang dakilang saserdote, na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Dios, ay ingatan nating matibay ang ating pagkakilala. Sapagka’t tayo’y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman *natin gayon ma’y* walang kasalanan. Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo’y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpung ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.” (Heb. 4:14–16)

Sa Panginoong Jesucristo tayo dapat na lumapit nang may buong tiwala sa panahon ng pangangailangan yayamang Siya ang luklukan ng biyaya. Ang taimtim na dudulog sa Kaniya ay magtatamo ng awa, makasusumpung ng biyaya, at tutulungan sa panahon ng pangangailangan.

Sa pahayag ng Panginoong Jesus mismo na “hanggang ngayo’y wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan ko” (Juan 16:24), ay

madarama ang Kaniyang pananabik na ang tao’y lumapit sa Kaniya. Gayunman, hindi dapat ipagkamali na ang pribilehiyong ito na humingi kay Cristo ay taglay ng lahat ng tao. Tiniyak din ni Jesus kung sino ang kapag humingi ng anuman sa Ama sa Kaniyang pangalan ay pagkakalooban:

“Ako’y hindi ninyo hinirang, nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo’y magsiyaon at magsipagbunga, at *upang* manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo. ... Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” (Juan 15:16, 5)

Ang mga hinirang o may kahalalan na mula kay Cristo ang tanging may karapatang humingi at pagkalooban. At ang mga hinirang ni Cristo ay itinulad Niya sa mga sangang nakakabit o nakaugnay sa Kaniya na Siyang puno nila.

Ang katumbas ng sinabi ni Cristo na Siya ang puno ng ubas ay Siya ang ulo ng Iglesia na Kaniyang katawan. Samantala, ang tinutukoy na Kaniyang mga sanga ay ang mga kaanib sa Kaniyang Iglesia (Col. 1:18; Roma 12:4-5)—ang *Iglesia Ni Cristo* (Roma 16:16 New Pilipino Version; Gawa 20:28 Lamsa Translation). Kung gayon, ang mga hinirang ni Cristo na binigyan Niya ng karapatang humingi sa Kaniya ay ang mga kaanib ng *Iglesia Ni Cristo*.

Kaya, dapat tiyakin ng tao na kaanib siya ng *Iglesia Ni Cristo* upang makalapit siya sa Panginoong Jesucristo at makatiyak ng Kaniyang

“

**Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo’y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.**

”

Hebreo 4:16

pagtulong, lalo na sa panahon ng kahirapan at kagipitan. Para naman sa mga kaanib na ng Iglesia, dapat nilang tiyakin na pinakikinabangan nila at tinatamasa ang tinutukoy na biyaya at pribilehiyo sa paraang ugaliin nilang lumapit at dumalangin sa Panginoong Jesus para sa kanilang mga pangangailangan.

### Ang paanyaya ng Panginoon

Hindi dapat mag-atubili ang mga kaanib ng *Iglesia Ni Cristo* sa pagdulog nila kay Cristo at hindi nila dapat pag-alinlanganan na tutugunin Niya sila. Sapagkat, Siya mismo ang nagbigay ng garantiya sa kanila na:

“Anuman ang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko upang maluwalhati ang Ama sa pamamagitan ng Anak. Hilingin ninyo ang anuman sa aking pangalan, at gagawin ko ito.” (Juan 14:13-14 New Pilipino Version)

Tinitindigan ng Panginoong Jesus na anuman ang hilingin ng mga hinirang Niya sa Kaniyang Pangalan ay gagawin Niya. At ito ay tiyak na magagawa Niya sapagkat “laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila” (Heb. 7:25) at Siya “ang Dakilang Saserdoteng makatutugon sa ating pangangailangan” (Heb. 7:26 Magandang Balita Biblia). Ibinigay ng Diyos kay Cristo ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa (Mat. 28:18) kung kaya’t kayang-kaya Niyang tugunan o ipagkaloob ang pangangailangan ng lalapit sa Kaniya.

Dahil dito, ano ang paanyaya ni Cristo sa mga pagal na at nabibigatan sa buhay na ito? Ito ang pahayag Niya:

“Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatang lubha at kayo’y pagpapahingahin ko.” (Mat. 11:28 NPV)

Kahit napapagod at nabibigatan na sa pagdadala ng buhay, hindi dapat mawalan ng pag-asa ang mga tapat na hinirang ni Cristo. Ito’y dahil ang Panginoong Jesucristo mismo ang nag-aalok ng lunas: lumapit aniya sila sa Kaniya at sila’y bibigyan Niya ng kapahingahan.

Tiyak na makakaya nila ang anumang dalahin sa buhay dahil sa “lakas na kaloob sa [kanila] ni Cristo” (Filip. 4:13 MB). Ipinangako pa ng Panginoon na, “Ang tulong ko’y sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina” (II Cor. 12:9-10 MB).

Higit sa lahat, naghihintay sa kanila ang tunay na kapahingahan sa langit kung mananatili sila sa pagkahirang hanggang kamatayan:

“At narinig ko ang isang tinig mula sa langit na nagsasabi, ‘Isulat mo ito: Mula ngayon, mapapalad ang naglilingkod sa Panginoon hanggang kamatayan!’ ‘Tunay nga,’ sabi ng Espiritu. ‘Magpapahinga na sila sa kanilang pagpapagal; sapagkat susundan sila ng kanilang mga gawa.’” (Apoc. 14:13 MB)

Nawa’y pakinabangan ng lahat ang dakilang biyayang ito sa paraang maging kaanib ng tunay na *Iglesia Ni Cristo* at doo’y gawin ang buong kataimtimang pagdulog at pagmamakaawa sa Panginoong Jesus na sila’y laging ipamagitan sa Panginoong Diyos upang tiyak na matamo nila ang tulong na kanilang kailangan. ☺

---

# Walang isang bukal na dalawa ang tubig

NI MANDY A. NEPOMUCENO

**B**UNGA NG MODERNONG teknolohiya sa komunikasyon ay nagagawa na ng sinuman na makipag-usap anumang oras sa kaninuman saanmang panig ng mundo. Sa pamamagitan ng *internet, social media, email, text messages*, at iba pa, napakadaling makapagpadala ng mensahe o makakalap ng impormasyon, mula sa pinakamaiksing komposisyon hanggang sa pinakamahabang *post* sa mga sikat na *social networks*.

Kung gaano kabilis makapagparating ng mensahe sa kaninuman, gayon din kabilis makapagpakalat ng maling impormasyon. Kaya, kung paanong malaking tulong sa marami ang makabagong teknolohiya sa telekomunikasyon, malaking panganib din ang maaaring idulot nito kung mali at masama ang layunin sa paggamit. Dahil dito, mahalagang sangguniin

at sundin ang mga aral ng Biblia tungkol sa marapat na pag-iingat sa pakikipagtalastasan—binibigkas man o isinusulat.

## **Matutong magpigil sa sarili**

Ang isang katangiang dapat taglayin ng tao ay ang pagpipigil sa sarili. Ganito ang sabi ni Apostol Santiago:

“Tayong lahat ay nagkakamali sa iba’t ibang paraan. Ang sinumang hindi nagkakamali sa kanyang pananalita ay isang taong ganap at marunong magpigil sa sarili.” (Sant. 3:2 Bagong Magandang Balita Biblia)

Ipinapaalaala ng apostol sa atin na tayong lahat ay nagkakamali sa iba’t ibang paraan. Walang sinuman sa atin ang perpekto. Kaya huwag tayong padalus-dalos sa paghatol sa kapuwa at huwag magpapakalat ng kasiraan ng iba. Dapat ay marunong tayong magpigil sa sarili, kabilang dito

ang pag-iingat sa pagsasalita, pati na rin sa kung ano ang isinasa publikong *post* sa *internet*.

Paano inilarawan ni Apostol Santiago ang masamang ibubunga kung ang isang tao ay hindi marunong magpigil sa kaniyang pananalita? Ganito ang kaniyang pagtuturo:

“Kapag nilagyan ng renda ang bibig ng kabayo, ito’y napasusunod natin at napababaling saanman natin ibigin. Tingnan ninyo ang mga barko, bagama’t malalaki at itinutulak ng malalakas na hangin, ito’y naibabaling sa pamamagitan ng napakaliit na timon saanman ibigin ng piloto. Ganyan din ang dila ng tao; napakaliit na bahagi ng katawan ngunit napakalaki ng nagagawang kayabangan. Isipin na lang ninyo na ‘gaano kalaking mga gubat ang napaglalagablab ng isang maliit na apoy!’ Ang dila’y parang

daigdig ng kasamaan na kasama ng ibang bahagi ng ating katawan. Pinarurumi nito ang ating buong pagkatao at tinutupok ang landas na tinatahak ng tao sa pamamagitan ng apoy mula sa impiyerno." (Sant. 3:3-6 Filipino Standard Version)

Ang paggamit dito ni Apostol Santiago ng terminong "dila" ay bilang simbolo ng pagsasalita o pagpapahayag ng tao. Itinulad niya ang dila sa renda ng kabayo o timon ng barko na kahit maliit ay malaki ang nakataya kung hindi gagamitin nang tama.

Ang kapahamakang maaaring idulot ng hindi mapigil na "dila" ay itinulad sa apoy na "tinutupok ang landas na tinatahak ng tao." Kaya nitong sumira ng relasyon o samahan tulad ng pagkakaibigan, at ng magandang imahe o reputasyon at dignidad, kahit pa yaong iningatan sa matagal na panahon.

Dapat marunong magpigil ng dila o maingat sa pagsasalita sapagkat, dagdag pa ng apostol, "Kung inakala ninuman na siya'y relihiyoso, ngunit hindi naman siya marunong magpigil ng dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili. Walang kabuluhan ang kanyang pagiging relihiyoso" (Sant. 1:26 BMB). Kaya hindi lamang ang ibang tao ang sinisira ng hindi marunong magpigil ng dila o ng pananalita kundi sinisira niya rin ang kaniyang sarili.

### Ang dapat gawin

Itinuturo din ng Biblia ang mga dapat gawin upang matutuhan ng tao ang magpigil sa sarili. Ang isang paraan ay ang ipinaalala ni

Apostol Pedro na pigilin ang sarili sa pagsasabi ng kasamaan:

"Ayon sa nasusulat, 'Ang mga nagnanais ng payapa at saganang pamumuhay, dila nila'y pigilan sa paghabi ng kasamaan. Ang anumang panlilinlang at madayang pananalita sa kanyang mga labi ay di dapat lumabas.'" (I Ped. 3:10 BMB)

Kung nais ninuman na magpapahayag o magsalita, dapat niyang pigilin ang sarili sa pagsasabi ng masama tulad ng mga panlilinlang o pandaraya.

Nakalulungkot na bagaman malaking tulong ang *internet*, talamak din doon ang mararayang pananalita. Anupa't may ikinapit na termino na sumasaklaw sa lahat ng maling impormasyon sa layuning makapanloko: *fake news*. Kabilang dito ang mga kasinungalingan na ang layunin ay makapanira, o inimbentong impormasyon na naglalayong maghasik ng kalituhan, takot, at gulo.

Ang marunong magpigil ng sarili sa pagsasalita ng masama, ayon sa Biblia, ay makapamumuhay nang payapa. Makaiwas siya sa mga problemang dulot ng pagpapakalat ng madayang pananalita. Dapat ding isipin kung ano ang maibubunga ng mapanlinlang na mga impormasyon kung ang sarili mo naman ang magiging biktima nito.

Sa halip na ang atupagin ay ang makasisira sa iba, dapat ituon ang pansin sa kung ano ang ikabubuti ng sarili at sambahayan. Ganito ang ipinapayo ng Biblia:

"Binanggit namin ito dahil nabalitaan naming may ilan sa inyong ayaw magtrabaho, at walang

inaatupag kundi ang makialam sa buhay ng may buhay. Sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, mahigpit naming iniuutos sa mga taong ito na sila'y maghanapbuhay nang maayos at huwag umasa sa iba." (II Tes. 3:11-12 BMB)

Binigyang-pansin ni Apostol Pablo rito ang tungkol sa mga taong walang inatupag kundi ang makialam sa buhay ng may buhay. Gayon ang gawi ng mga hindi marunong magpigil sa sarili. Ang ganito ang mahilig sa tsismis—o tsismoso/tsismosa. Hindi ba nakahihiya ang mabansagan ng gayon? Ganito ang turing sa kanila ng Banal na Kasulatan:

"Ang taong baluktot ang isipan ay naghahasik ng kaguluhan, at sinisira naman ng tsismis ang magandang samahan." (Kaw. 16:28 BMB)

Sa maraming pagkakataon, nasaksihan at nabalitaan natin ang kakayahan ng tsismis na sumira ng magandang samahan, gaano man ito katagal na. Ang pagpapakilala ng Biblia sa mga mahilig sa tsismis ay mga taong baluktot ang isipan na naghahasik ng kaguluhan. Kaya, hindi katakataka kung napagbubuhusan sila ng galit ng kanilang nabibiktima at naihatid sila ng kanilang gawi sa pagkapahamak.

### Ang kabutihan ng pagpigil sa sarili

Sa kabilang dako, "Ang maingat magsalita ay nag-iingat ng kanyang buhay ..." (Kaw. 13:3 BMB). Inililigtas ng mga maingat magsalita ang kanilang sarili sa mga pag-aaway at kaguluhan, at sa di-pagkakaunawaan.

Hindi lamang ang buhay na ito ang naiingatan ng mga tapat na hinirang ng Panginoong Diyos kundi maging ang inihahanda Niyang buhay sa darating para sa kanila.

Kaya, bago maging huli ang lahat, dapat matuto ang tao na pigilin ang kaniyang dila o magpigil sa sarili. Kaloob ng Diyos sa tao na Kaniyang nilikha ang kakayahang magpahayag o magsalita. Marapat gamitin ito sa mga bagay na kapaki-pakinabang. Ngunit, ang paalaala ng Biblia:

“Ito ang ginagamit natin sa pagpupuri sa ating Panginoon at Ama, at ito rin ang ginagamit natin sa paglailait sa taong nilalang na kalarawan ng Diyos. Sa iisang bibig nanggagaling ang pagpupuri’t panlalait. Hindi ito dapat mangyari, mga kapatid. Hindi lumalabas sa iisang bukal ang tubig-tabang at tubig-alat.” (Sant. 3:9–11 BMB)

Walang isang bukal na may dalawang tubig—tabang at alat. Kung ginagamit natin ang ating dila sa pagpupuri sa Diyos, marapat ba na gamitin din ito sa panlalait sa ibang tao? Ang tugon ng Biblia, “Hindi ito dapat mangyari.” Walang dapat na mamutawi sa ating labi na anumang makasakit at makapanlilinlang ng ating kapuwa.

Sa halip, gamitin natin ang ating dila sa kaniyang kaukulan. Maging maingat tayo sa anumang ipapahayag o sasalitain natin, at pag-ingatan nating huwag tayong makapinsala ng iba o magdulot ng kanilang ikapapamahak. Sa gayon, maiingatan natin ang magagandang

relasyon sa ating buhay, lalo na ang relasyon natin sa ating Panginoong Diyos. Kahit pa sa panahong ito na pabago-bago ang prioridad ng mga tao dala ng mabilis na pag-unlad

ng karunungan, hindi natin dapat mapabayaang ang pinakamahalaga—ang matiyak na tatanggapin natin ang pangako ng Diyos na buhay na darating. 🙏

## *Random notes*

### **No evidence of Christ-is-God belief, then and now or ever**

“The very fact that as late as the fourth century there were those within Christianity who, despite their acceptance of the Epistles of Paul and the Gospel of John, still argued against the divinity of the preexistent Christ shows that there was nothing in these writings which could be taken as conclusive evidence of a belief on the part of Paul and John that the preexistent Christ was God in the literal sense of the term.” (*The Philosophy of the Church Fathers*, Vol. I, Wolfson, Harry Austryn, 2nd ed., Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press, 1964, pp. 306–307)

“... Even the Didache, or ‘Teaching of the Twelve Apostles’, the oldest literary monument of Christian antiquity outside of the New Testament canon, ... contains no formal profession of faith in the Divinity of Jesus Christ ...” (*The Divine Trinity: A Dogmatic Treatise*, Pohle, Joseph, 13th impression. Montana and London: B. Herber Book Co., 1950, p. 150) 🙏

(Source: July 1994 Pasugo Issue, RA by Bro. Reuben Aromin, pp. 12–16)

# Christian Achievers

## Active and proactive: a magna cum laude accountant and her faith

By KRIZCAR MEDINA

**G**OD-FEARING Sister Savannah San Pedro has always been proactive, seizing every opportunity presented to her toward fulfilling any task or work at hand.

“Savannah has always been inquisitive. As a child, she asked questions and did her own research regarding her academic works,” said Brother Rommel San Pedro, her father, a minister of the gospel in the Church Of Christ, as he remembered how she was growing up.

Sister Savannah, 25 years old, is a Children’s Worship Service (CWS) chairperson and KADIWA officer in the Local Congregation of Fairfax, Ecclesiastical District of Washington, D.C. Her parents taught her whom she can always depend on and ask for guidance. “We did our best to follow the biblical principles of parenting. We supported her and communicated with her about whatever problems she went through. We trained her from a young age to worship, fear, and love God. We taught her to respect her elders, especially the Church Administration. We also spoke about the great love

Sister Savannah





of the Executive Minister, Brother Eduardo V. Manalo, and how he is a great example of humility, service, and devotion," Brother Rommel continued.

Sister Savannah's achievements include a bachelor's degree in accounting, a magna cum laude award from the George Washington University, and a Certified Public Accountant (CPA) license. When asked how she got into accounting, she said, "I knew that it is a good fit for me since I love math." She is currently working as a tax accountant at a firm in Virginia. Her future goals are to earn a master's degree in taxation and to work her way up to becoming an accounting partner.

Aside from math, Sister Savannah also loves music. "I started playing the violin when I was eight years old. A few years ago when our district formed an orchestra, I was able to write and arrange some scores for the performances," she said. She considers it a great blessing to be part of memorable events in the Church. "It makes me proud to say that I was part of the Centennial Oratorio, the orchestra for the '50 Years in the West' celebration, that played at the Philippine Arena and at the Countdown to the Centennial," she continued.

Despite the challenges of a hectic schedule, Sister Savannah fulfills her Church duties. "Even when school and work activities became tough, I never thought of stepping down from my Church duties for these are 'super' important to keep. I always pray to God for guidance in everything I do. I ask Him to help me so that I can keep fulfilling my duties," she said. She also actively shares her faith with others. She said, "Being a part of CBI (Christian Brotherhood International) in college, I helped organize Bible studies inside the campus. I would book a room, invite classmates and friends to join, and ask a minister to lead us. Many were able to listen and learn about the Church Of Christ through that."

Keeping in mind God's words and her parents' advice, Sister Savannah has three things she wishes to share with her fellow youth in the Church: "First, let's be proactive. We can motivate ourselves to work hard and make the most out of every opportunity. Second, we ought to be adaptable to different situations, too. Having a contingency plan is always good. It doesn't mean that it's going to be the best plan, but having it will be to our advantage. Lastly, and most importantly, we need to keep in mind and heart that we are Church Of Christ members. And we need to show this in our words and deeds—being humble, kind, and loving to others. God will surely help us be successful in every way if He is pleased with us." ☺

# Mga kaukulan at katangian ni Cristo: Paano natin pakikinabangan sa ikaliligtas?

Ni GERSON S. NONATO

**T**INUTURO NG TAGAPAGLIGTAS, ang Panginoong Jesucristo, na Siya “ang pagkabuhay na maguli” (Juan 11:25), ang “tinapay ng kabuhayan” (Juan 6:48), ang “mabuting pastor” (Juan 10:14), ang “pintuan ng mga tupa” (Juan 10:7), ang “ilaw” (Juan 8:12), ang “daan” (Juan 14:6), at ang “puno ng ubas” (Juan 15:5).

Ang mga kaukulan at katangian ito ni Cristo ay nagpapakilala na hindi lamang napakahalaga ng pagsampalataya sa Kaniya, kundi may dulot itong napakalaking pakinabang—ang kaligtasan. Subalit, hindi ang mahalaga lamang ay sumampalataya tayo sa Kaniya upang makamantan natin ang pakinabang na dulot nito, kundi hinihingi rin sa atin na gawin natin ang wastong pagtugon kaugnay ng Kaniyang mga kaukulan at katangian.

Paano nga ba natin pakikinabangan ang mga kaukulan at katangian ng Panginoong Jesucristo? Mahalaga ba kung sa anong relihiyon tayo

kabilang upang pakinabangan natin ang pagsampalataya kay Cristo? Ang pagsampalataya ba kay Cristo ay hindi na nangangailangan pa ng pag-anib sa alinmang relihiyon?

## **‘Ako ang pagkabuhay na maguli’**

Ipinahayag mismo ni Cristo ang isa sa mga dapat nating sampalatayan sa Kaniya:

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, **Ako ang pagkabuhay na maguli**, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya.” (Juan 11:25)\*

Sinabi ni Cristo na Siya ang pagkabuhay na mag-uli sapagkat sa Kaniya ipinagkaloob ang kapangyarihan na buhayin ang mga sumasampalataya pagdating ng huling araw:

“At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin, na huwag kong pabayaang mawala ang sinuman sa mga ibinigay niya sa akin, kundi buhayin

silang huling araw.” (Juan 6:39 New Pilipino Version)

Pansinin na ang tinutukoy na bubuhayin ni Cristo ay hindi lamang basta sumasampalataya sa Kaniya, kundi sila ang mga ibinigay ng Diyos sa Kaniya—sila ang mga tinawag ng Diyos upang ipakisama kay Cristo sa pamamagitan ng ebanghelyo (I Cor. 1:9; II Tes. 2:14). Para mapabilang ang tao sa mga ibinigay ng Diyos kay Cristo, kailangan muna silang mapangaralan ng ebanghelyo at maging “bahagi ng isang katawan” (Col. 3:15 Magandang Balita Biblia). At ang katawan na tinutukoy ay ang Iglesia na pinangunguluhan ni Cristo:

“At siya ang ulo ng katawan, *sa makatuwid baga’y* ng iglesia ...” (Col. 1:18)

Kaya, upang pakinabangan natin ang pagsampalataya na si Cristo ang pagkabuhay na mag-uli ay kailangang mapabilang tayo sa Iglesia na katawan ni Cristo—ang *Iglesia Ni Cristo* (Roma 16:16).



### **'Ako ang tinapay ng kabuhayan'**

Sinabi rin ni Cristo, "Ako ang tinapay ng kabuhayan" (Juan 6:48). Kaya Niya tinawag ang sarili na tinapay ng kabuhayan sapagkat Siya ay "nagbibigay buhay" (Juan 6:33) at ang buhay na Kaniyang ipagkakaloob ay ang buhay na walang hanggan (I Juan 5:11). Itinuturo ng Biblia na ito ay matatamo ng mga tao "dahil sa kanilang kaugnayan kay Cristo" (I Cor. 15:22 MB).

Ang may kaugnayan kay Cristo ay hindi basta nagpahayag lamang ng pananampalataya sa Kaniya; sila ay kabilang sa Iglesia, ayon sa pagtuturo ng Biblia:

"Isang dakilang katotohanan ang inihahayag nito—ang kaugnayan ni Cristo sa iglesia ang tinutukoy ko." (Efe. 5:32 MB)

Pinatutunayan ng Biblia na ang kaugnayan kay Cristo ng Iglesia ay isang dakilang katotohanan—samakatuwid, isang kasinungalingan ang paniniwala na hindi kailangan ang Iglesia para magkaroon ng kaugnayan ang tao kay Cristo.

Kaya, para pakinabangan ang pagsampalataya kay Cristo bilang tinapay ng kabuhayan ay hindi maiiwasan—at sadyang hindi dapat iwasan—ang pag-anib sa Iglesia na may kaugnayan kay Cristo, ang *Iglesia Ni Cristo*.

### **'Ako ang mabuting Pastor'**

Ipinakilala rin ni Cristo ang Kaniyang sarili bilang "mabuting pastor":

"Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala ako." (Juan 10:14)\*

Ang isang pastor ay may mga tupa na inaalagaan. Ang mga tupa ni Cristo ay hindi literal na tupa kundi mga tao na sumasampalataya sa Kaniya:

"Datapuwa't hindi kayo nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo sa aking mga tupa." (Juan 10:26)

Maliwanag na hindi tunay na sumasampalataya ang hindi kabilang sa Kaniyang mga tupa. Ang mga tupa ni Cristo ay hindi lamang kumikilala kay Cristo kundi sila ay kinikilala rin ni Cristo:

"Ako ang mabuting pastor. Nakikilala ko ang aking mga tupa, at nakikilala nila ako." (Juan 10:14 NPV)\*

Ang kinikilala ni Cristo na Kaniyang mga tupa ay nasa loob ng "isang kawan" (Juan 10:16). Ang nag-iisang kawan na kinabibilangan ng mga tupa ni Cristo ay ang *Iglesia Ni Cristo*:

"Ingatan ninyo kung gayon ang inyong sarili at ang buong kawan na rito'y hinirang kayo ng Espiritu Santo na mga katiwala, upang pakanin ang iglesia ni Cristo na binili niya ng kaniyang dugo." (Gawa 20:28 Lamsa Translation)\*\*

Kaya, ang sinabi ni Cristo na Siya ang mabuting Pastor ay pakikinabangan natin kung kabilang tayo sa mga kinikilala Niya na Kaniyang mga tupa. Ang mga tupa ni Cristo ay nasa loob ng kawan—ang *Iglesia Ni Cristo*.

### **'Ako ang pintuan ng mga tupa'**

Sa Juan 10:7, sinabi ni Cristo, "Ako ang pintuan ng mga tupa." Nagpakilala si Cristo na pintuan ng mga tupa sapagkat ipinag-uutos Niya na pumasok sa Kaniya ang tao upang maligtas (Juan 10:9). Ang pumasok kay Cristo ay "pumasok sa loob ng kawan":

"Ako ang pintuan; sinumang pumasok sa loob ng kawan sa pamamagitan ko ay maliligtas. ..." (Juan 10:9 Revised English Bible).\*\*

Ang kawan ay ang *Iglesia Ni Cristo* (Gawa 20:28 Lamsa). Kung tala-gang sinasampalatayan ninuman si Cristo bilang pintuan ng mga tupa ay susundin niya ang Kaniyang utos na pumasok sa Kaniya sa paraang pumasok sa Kaniyang kawan—ang *Iglesia Ni Cristo*.

### **'Ako ang ilaw'**

Ang isa pa sa mahalagang kaukulan ni Cristo ay ang Kaniyang ipinahayag na Siya ang ilaw:

"Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." (Juan 8:12)

Ipinakita ni Cristo ang kahalagahan ng pagsunod sa Kaniya ng tao—ang sumusunod kay Cristo ay wala na sa kadiliman, sapagkat Siya ang ilaw, "kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan." Bakit sinabi ng Biblia na magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan ang sumusunod kay Cristo? Sa Juan 1:4 ay ganito ang pahayag: "Nasa kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao."

Hindi dapat ipagkamali na kahit sa anong relihiyon kabilang ang tao, basta nagpapahayag ng pananalig kay Cristo, ay magtatamo na siya ng buhay na walang hanggan na kay Cristo. Maliwanag na itinuturo ng Biblia: "Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay"

“

**Bakit ninyo  
Ako tinatawag  
na ‘Panginoon,  
Panginoon,’ subalit  
ayaw naman  
ninyong sundin ang  
sinasabi Ko?**

”

Lucas 6:46  
Salita ng Buhay

(I Juan 5:12). Ang kinaroroonan ng Anak o ni Cristo ay ang Iglesia sapagkat Siya ang ulo nito:

“Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesia, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesia, gayon din naman, ang mga babae’y dapat pasakop nang lubusan sa kani-kanilang asawa.” (Efe. 5:23–24 MB)

Bilang katawan ni Cristo at Siya ang ulo at nakasasakop dito, ang Iglesia ang Kaniyang ililigtas. Kaya ang kinaroroonan ni Cristo na Siyang ilaw o ang magtatamo ng buhay na walang hanggan ay ang mga sangkap ng katawan ni Cristo o kaanib ng *Iglesia Ni Cristo*.

**‘Ako ang daan’**

Sa Juan 14:6 ay ipinakilala ni Cristo na Siya ang daan upang ang tao ay makaparoon sa Diyos:

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”

Ang makaparoroon sa kaharian ng langit sa piling ng Ama ay ang mga tupa ni Cristo (Mat. 25:31–34). Ayon mismo kay Cristo, Siya “ang pintuang dinaraan ng mga tupa” (Juan 10:7 MB); at ang Kaniyang mga tupa ay ang mga pumasok sa loob ng kawan (Juan 10:9 REB). Ang kawan ay ang *Iglesia Ni Cristo* (Gawa 20:28 Lamsa). Ang wala sa loob ng kawan o *Iglesia Ni Cristo* ay hindi tunay na sumasampalataya sa Kaniya:

“Ngunit hindi kayo sumasampalataya sa akin sapagkat hindi kayo bahagi ng aking kawan.” (Juan 10:26 Living Bible)\*\*

Kung tunay tayong sumasampalataya kay Cristo ay hindi tayo mag-aatubiling pumasok sa loob ng kawan—ang *Iglesia Ni Cristo*.

**‘Ako ang puno ng ubas’**

Ipinakilala ni Cristo ang Kaniyang sarili bilang pananim ng Diyos—Siya ang puno ng ubas:

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. ... Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka.” (Juan 15:5, 1)

Inilarawan dito ni Cristo hindi lamang ang Kaniyang kaugnayan sa Diyos—na Siya ay sugo ng Diyos—kundi inilarawan din Niya ang Kaniyang kaugnayan sa Kaniyang mga alagad—Siya ang puno kung saan nakakabit ang mga alagad na itinulad naman sa mga sanga. Kung

paanong ang sanga na nakahiwalay sa puno ay hindi magbubunga, hindi rin makagagawa ng bunga ng kabanalan (Filip. 1:11) ang mga taong hiwalay o walang kaugnayan kay Cristo. Hindi sapat na sumampalataya lamang kay Cristo; kailangang mapabilang sa mga sanga ng puno na si Cristo.

Inilarawan ni Apostol Pablo ang katumbas ng puno at mga sanga: “At siya ang ulo ng katawan, *sa makatuwid baga’y ng iglesia*” (Col. 1:18). Si Cristo ang ulo; ang Iglesia ang katawan. Ang mga kaanib ng Iglesia ay ang mga sama-samang sangkap ng iisang katawan ni Cristo (Roma 12:4–5)—ang *Iglesia Ni Cristo* (Roma 16:16).

Iba-iba man ang ginamit na paglalarawan ni Cristo ng kahalagahan ng pagsampalataya sa Kaniya ng tao subalit iisa ang nilulundo nito: kailangan nating maging kaanib ng *Iglesia Ni Cristo* upang pakinabangan at magkaroon ng kabuluhan ang ating pananampalataya sa Kaniya.

Huwag nawa tayong mag-atubili pa na sundin ang ipinag-uutos ni Cristo sa sinumang ibig maligtas na pumasok sa *Iglesia Ni Cristo* (Juan 10:9 REB; Gawa 20:28 Lamsa). Huwag tayong pumayag na mapahanay sa mga tao na sinusumbatan ng ating Panginoong Jesucristo sapagkat ayaw gawin ang ipinag-uutos Niya:

“Bakit ninyo Ako tinatawag na ‘Panginoon, Panginoon,’ subalit ayaw naman ninyong sundin ang sinasabi Ko?” (Lucas 6:46 Salita ng Buhay) 🌟

\*Amin ang pagdirin

\*\*Isinalin mula sa Ingles

# Nasa langit na nga ba ang mga 'santo' ng Iglesia Katolika? (Unang Bahagi)

NI KENNETH A. OUANO

TUWING SUMASAPIT ang Nobyembre 1, ginugunita ng mga Katoliko ang tinatawag nilang Todos Los Santos o *All Saints' Day*. Itinuro sa kanila na iyon ay araw na kanilang "inaalaala ang lahat ng santo ng Diyos, ipinahayag na banal at hindi ipinahayag na banal (*canonized and uncanonized*), kilala at hindi kilala" (*The Catholic Encyclopaedic Dictionary*, p. 15\*).

Ang itinuturing ng Iglesia Katolika na mga "santo" ay "yaong mga **namatay** sa biyaya ng Diyos at **silang nasa langit na**, lalo na yaong mga ipinahayag na banal ng Iglesia Katolika" (*My Catholic Faith*, p. 56\*, amin ang pagdiriin). Ang mga rebulto ng mga tinatawag din ng mga Katoliko na kanilang mga patron ay niluluhuran at dinadasalan nila at ipinuprusisyon pa sa mga araw na kanilang ipinagdiriwang ang mga

kapistahan para parangalan ang mga ito.

Batay sa Biblia, tama kaya ang pagpaparangal na ginagawa sa mga santo ng Iglesia Katolika? Sila nga ba ay totoong nasa langit na?

## **Patay na nananalangin at namamagitan?**

Itinuturo ng mga awtoridad Katolika kung bakit sila nagdarasal sa mga santo:

"Bumabanggit ang debosyong Katoliko tungkol sa pagtawag o pagdarasal sa mga santo, na sa kaniyang pamamagitan tayo'y umaasa. ... Nangangahulugan ito na kakalinga rin sa atin sa pag-ibig na ito ang mga santo, na may personal na pag-ibig ng Diyos, at tutulong sa atin ang kanilang mga panalangin upang makamitan ang biyaya ng Diyos." (*Aral ni Kristo*, p. 255)

Maraming Katoliko ang nagdarasal sa kanilang mga santo sa paniwalang maaari silang ipamagitan sa Diyos dahil ang mga ito man daw ay nananalangin sa Kaniya. Pero ayon sa Biblia, ang patay ba ay makapanalangin sa Diyos? Sa Awit 115:17, ganito ang pagtuturo:

"Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, Ni sinomang nabababa sa katahimikan."

Kung paanong hindi makapupuri ang patay, hindi rin nito magagawa ang manalangin. Ang mga santo ng Iglesia Katolika ay hindi makapanalangin sapagkat sila'y nangamatay na. Ang patay ay wala nang alaala ni pag-iisip (Awit 6:5; 146:4). Kaya, may kinalaman pa ba ang mga nangamatay na sa ginagawa ng mga buhay pa? Ganito ang nakasulat sa Ecclesiastes 9:5-6:

“

## Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, Ni sinomang nabababa sa katahimikan.

”

Awit 115:17

“Sapagka’t nalalaman ng mga buháy, na sila’y mangamamatay: nguni’t hindi nalalaman ng patay ang anomang bagay ni mayroon pa man silang kagantihan; sapagka’t ang alaala sa kanila ay nakalimutan. Maging ang kanilang pagibig, gaya ng kanilang pagtatanim at ng kanilang pananaghili ay nawala ngayon; na wala man silang anomang bahagi pa na magpakailan man sa anomang bagay na nagawa sa ilalim ng araw.”

Hindi na magagawa ng patay ang mga bagay na dating ginawa niya noong siya’y nabubuhay pa. Wala na siyang anumang bahagi pa magpakailanman sa anumang ginagawa ng mga buháy. Kaya, hindi magagawa ng mga taong namatay na, katulad ng kinikilalang mga santo diumano ng Iglesia Katolika, ang manalangin sa Diyos ni ipanalangin sa Kaniya ang mga buháy.

### Namatay na, pero ang kaluluwa raw ay nasa langit?

Kahit itinuturo ng Biblia na nasa libingan ang taong namatay (Awit 88:5), iminamatuwid ng iba na ang

kaluluwa naman daw ay hindi namamatay. Pagkamatay ng tao, ang kaluluwa niya raw ay agad na hinahatulan ng Diyos. Ito raw ang dahilan kaya ang mga kinikilalang santo ng Iglesia Katolika na sinasabi nilang namuhay diumano nang banal sa lupa ay sa langit napunta. Ganito ang isinulat ni Gerard Linssen, isang paring Katoliko, sa kaniyang aklat na *Buhay Katoliko*, p. 185:

“Sa kagyat na sandali na tayo’y mamatay, tayo ay kaagad magbibigay ng ulat sa Diyos tungkol sa ating naging buhay, tungkol sa ating mga pag-iisip at pagnanasa, mga salita, mga gawa, at mga pagkukulang. Ang kaluluwa ay hindi mamamatay, sapagka’t ito ay espiritu. Ang kaluluwa ay walong kamatayan. Matapos niyang lisanin ang katawan siya’y ihahatid agad sa harap ng Diyos upang hukuman at tumanggap ng hatol na mananatili magpakailanman—walang hanggang kaligayahan o walang hanggang kaparusahan.”

Ayon sa aral-Katolika, ang kaluluwa ay hindi raw namamatay. Salungat ito sa nakasulat sa Biblia na “ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay” (Ezek. 18:4). Ang katawan ng taong namatay ay nauuwi sa lupa at nagiging alabok (Gen. 3:19) at ang kaluluwa ay “dumidikit sa alabok” (Awit 119:25), katunayang ito’y kasamang namamatay rin.

### Pagkakaiba ng kaluluwa at espiritu

Marahil ay nagbubunga ng pagkalilito sa iba kung ano ang nangyayari

sa tao pagkamatay nito dahil hindi rin malinaw na itinuro sa kanila na magkaiba ang kaluluwa at ang espiritu. Ganito ang itinuturo ng Biblia:

“Sapagka’t ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alinmang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso.” (Heb. 4:12, amin ang pagdiriin)

Taliwas sa aral-Katolika, magkaiba ang kaluluwa at ang espiritu. Batay sa Biblia, may tatlong mahahaling sangkap ang tao: ang katawan, kaluluwa, at espiritu (I Tes. 5:23). Iba ang espiritu ng tao sa kaniyang kaluluwa. Kung ang kaluluwa, na siyang pagkataong-loob (II Cor. 4:16) ay namamatay at dumidikit sa alabok pagkamatay ng tao, ano naman ang nangyayari sa espiritu? Ganito ang nakasulat sa *Eclesiastes 12:7*:

“Alalahanin mo siya bago manumbalik sa lupa ang ating katawang lupa at ang ating espiritu ay magbalik sa Diyos na may bigay nito.” (Magandang Balita Biblia)

Pagkamatay ng tao, ang kaniyang espiritu, na siyang “hininga” (Ecles. 12:7 Bagong Magandang Balita Biblia) o “diwa” (Dating Salin), ay bumabalik sa Diyos na may bigay nito sa kaniya. Ang kaluluwa naman ng mga namatay na dumikit sa alabok (Awit 146:4; 119:25) ay nangatutulong. Sa *Daniel 12:2* ay ganito ang nakasulat:

“At marami sa kanila na nangatutulong sa alabok ng lupa ay mangagi-

“

**Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.**

”

Juan 5:28-29

gising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak.”

Itinuturo din ng Biblia kung kailan darating ang araw na mangagigising ang mga taong namatay. Ganito ang pagtuturo sa aklat ni Job:

“Nguni't ang tao ay namamatay at natutunaw; Oo, ang tao ay nalalagutan ng hininga, at saan nandoon siya?

“Gayon ang tao ay nabubuwal at hindi *na* bumabangon: Hanggang sa ang langit ay mawala, sila'y hindi magsisibangon, Ni mangagigising man sa kanilang pagkakatulog.” (Job 14:10, 12)

Ang mga taong nangamatay ay ibabangon mula sa pagkakatulog sa araw na ang langit ay mawala o sa Araw ng Paghuhukom (II Ped. 3:10, 7) na siya ring araw ng Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesucristo (Mat. 25:31-34, 41). Sa araw na iyon, magsisilabas mula sa libingan ang mga nangamatay upang harapin ang hatol ng Diyos:

“Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.” (Juan 5:28-29)

Samakatuwid, hindi totoo ang paniniwala na ang kaluluwa ay hindi namamatay. Nagkakamali rin ang mga nagtuturo na pagkamatay ng tao ay agad siyang haharap sa hukuman ng Diyos at hahatulan. Ang mga taong nangamatay na ay nasa libingan pa at wala sa langit, kasama na rito ang mga kinikilalang santo ng Iglesia Katolika. ☪ (Itutuloy)

\*Isinalin mula sa Ingles

#### Mga Referencia

*The Catholic Encyclopaedic Dictionary*. Written and edited by Donald Attwater. Macmillan, First edition. 1931. p. 15

*My Catholic Faith (A Catechism in Pictures)*. Morrow, Louis LaRavoire, Most Rev., D.D. Bishop of Krishnagar. Nihil Obstat: Henricus A. Coffey, S.J., Censor Deputatus. Imprimatur: Michael J. O'Doherty, Archiepiscopus Manilensis. The Catholic Truth Society, Manila, Philippines. 1936, 1937, 1951. p. 56

*Ang Aral ni Kristo. Isang Katesismong Katoliko*. Salin sa Pilipino ni Bayani Valenzuela, SVD - Mula sa “*The Teaching of Christ - a Catholic Catechism for Adults*.” Nihil Obstat: Reberendo Laurence Gollner, Censor Librorum. Imprimatur: Leo A. Pursley, D.D., Obispo ng Fort Wayne-South Bend, Ika-8 ng Disyembre 1975. JMC Press, Inc. 388 Quezon Avenue, Quezon City, Philippines. 1878. p. 255

*Buhay Katoliko*. Linssen, Gerard, C.I.C.M., S.T.D., Isinalin sa Pilipino nina Rdo. Hernando de los Reyes, et. Al., Cum permissione Superiorum: Charles Tieters, C.I.C.M. Prov. Sup. Nov. 15, 1959. Nihil Obstat: Artemio G. Casas, Pbro., Center Librorum. Imprimatur: Rufino J. Santos, D.D., Archbishop of Manila. St. Paul Publications, Manila: 1962. p.185

## The Ecclesiastical District of Bataan

# Marching with faith and fervor onwards to salvation

By SIEGFRED T. GOLLAYAN and GEMMA LYN dJ. LALIC

**T**O MANY, Bataan is synonymous with courage against overwhelming odds. It was in this peninsular province in western Luzon, Philippines during the opening days of the Pacific War in World War II that the combined Filipino-American forces under the command of General Douglas MacArthur stood their ground against the

onslaught of Japan's Imperial war machine. The gallantry of the Bataan defenders bought time for MacArthur to escape to Mindanao and then to Australia and paved the way for his eventual return to the Philippines years after.

After the war, the people of Bataan mustered equal courage in rebuilding, rising from the

ruins, and moving forward to a future brimming with peace and prosperity. At present, it is known to be a haven for tourists who want a quick getaway from nearby Manila. Besides historical monuments and alluring beaches, it is also home to a heritage destination that features a collection of restored Spanish-Filipino houses.



### **BATAAN DEATH MARCH**

April 9, 1942. Approximately 75,000 Filipino and American troops on Bataan were forced to make an arduous 65-mile march to prison camps from Mariveles, Bataan (where they surrendered) to San Fernando, Pampanga.

### **FIRST LINE OF DEFENSE MONUMENT**

*Dinalupihan, Bataan.* A memorial commemorating the American and Filipino soldiers who fought and defended Bataan in 1941.



# About the Province of Bataan

**1754**  
Establishment

**12**  
Municipalities and City

**CITY OF BALANGA**  
Capital



The province is home to some of the breathtaking beach resorts, historical monuments, and heritage houses.  
PHOTOS BY SAMUEL DE LEON



# Ecclesiastical District of **Bataan**

District Office: Lerma St. Ibayo, City of Balanga, Bataan


**1932**  
Establishment

**TAPULAO**  
Pioneer Congregation

**60**  
Current Local  
Congregations

**6**  
Current  
Extensions

**1**  
Current  
Group Worship  
Service



A) Balanga; B) Bataan district staff;  
C) Dinalupihan; D) Mariveles; E) Orani;  
F) Pilar; G) St. Francis; and H) Sabatan

Among the proud Bataños are members of the *Iglesia Ni Cristo* (Church Of Christ). Proud as they are of their province's history and natural wonders, they all the more take pride in the victorious march of the *Iglesia Ni Cristo* in their province, which they firmly believe and recognize as God's handiwork.

## The humble beginnings

It was in 1929 when some brethren from Pampanga decided to reside in the town of Orani in Bataan. Granting their request for a minister to tend their spiritual welfare, the Church Administration sent to them Brothers Bernardo Turla, Espiridion Domingo, and Jose Francisco. Together with the brethren, the ministers started missionary activities in the town of Tapulao, which initially resulted in the baptism of 13 converts.

The first worship service, as well as the first baptism, was held in Sitio Masapsap, a small neighborhood in the town of Orani. In the same year, the Church Administration approved the establishment of the Local Congregation of Tapulao then under the jurisdiction of the Ecclesiastical District of Pampanga. After three years, seeing potentially faster growth of the Church in Bataan, the Church Administration decided to form the local congregations in the province into a separate ecclesiastical district. With Brother Jacinto Torres as the




first supervising minister, the Bataan Ecclesiastical District was initially comprised of four local congregations, namely, Tapulao, Bantan, Tortugas (now local of Puerto Rivas), and Orani.

When war came to the Philippines in 1941, the *Iglesia Ni Cristo's* propagation work had already spread throughout the province. Added to the first four congregations were Orion, Abucay, Dinalupihan, Limay, Luacan, Morong, Samal, Hermosa, Culis, Cabcaben, and Prado Saba (now under the Ecclesiastical District of Pampanga West).

During the war, transportation became harder to come by. So, the Church Administration decided to temporarily place the congregations in Bataan under the supervision of the District of Pampanga once again. But even the war could not hinder the growth of *Iglesia Ni Cristo* in this province as proven by, among others, the establishment of the Local Congregations of Balanga, Daang Bago, and Sabang. In 1947, two years after





World War II ended, the congregations in Bataan were again organized into a different ecclesiastical district with Brother Rigoberto Laguio as the district supervising minister.

### Victories after victories

After the war, the *Iglesia Ni Cristo* saw faster growth in Bataan. In 1952 and 1958, respectively, Brother Felix Y. Manalo, the Messenger of God in these last days, conducted evangelical missions in the towns of Orani and Dinalupihan. In 1959, Brother Felix Manalo dedicated the concrete house of worship of the Orani Congregation with a seating capacity of 800. In the next four years, additional 15 congregations were established in Bataan.

As more local congregations were established due to the increase of members, the Church acquired more properties and houses of worship were built and dedicated to God. In 1981, the house of worship of the Mariveles Congregation was dedicated to God in a worship service officiated by then Executive Minister, Brother Eraño G. Manalo. This

was followed by that of the Orion Congregation in 1982.

In commemoration of the 48th anniversary of the Local Congregation of Balanga, where the district office was located, Brother Eraño Manalo officiated a memorable worship service that brought even more edification to the Church members. In 2010, the house of worship of the Balanga Congregation, the district's central local congregation, was dedicated to the Almighty God. As part of the unceasing efforts to spread the pristine words of God, the Ecclesiastical District of Bataan regularly conducted a series of evangelical missions throughout the years. As a result, Bataan now has 60 local congregations, six local extensions and one Group Worship Service (GWS).

To further strengthen the faith of *Iglesia Ni Cristo* members and their households, in 1996, under the theme "Year of Iglesia Ni Cristo Family," Bataan District conducted a series of activities: Get-Together (where the message of then Executive Minister Brother Eraño Manalo was read),

Family Counseling Hour, Family Devotional Prayers, Family Day, Family Olympics, Family Singing Contest, Parent Day, Song Writing Contest, Special Gathering for the families of Ministers and Ministerial Workers, Video Presentation like "Sugo ng Diyos sa mga Huling Araw" (Messenger in these Last Days), "Alibughang Anak" (The Prodigal Son), and "Hacienda Luisita."

The Bataan Ecclesiastical District has remained deeply committed to its diverse activities. Its 75th Milestone Anniversary was celebrated through Photo Exhibit, Trade Fair, and Musical Presentation. In 2013, Brother Ramir Pabalate, the district supervising minister, led the ribbon cutting for the INC Life Activity as a starter for the Pre-Centennial Celebration. A memorable Worldwide Walk was also held at the capital of the province, the City of Balanga and was attended by 3,500 brethren all over the district. Activities such as Kabayan Ko, Kapatid Ko, Medical and Dental Mission, and Coastal Clean-Up Drive were held as part of extending help



A & B) Series of baptism in March 19–27; C & D) Special worship service for choir members; E, F, & G) Cultural and Sports activities; H) Medical mission; and I) Blood donation

to our fellowmen. In September 2017, as part of the district's 85th founding anniversary celebration, Digipi Stage Play was performed at the Bataan People's Center, which brethren took delight in watching.

Bataan benefited from the *Lingap sa Mamamayan* (Aid to Humanity) programs of the Church. As one of the heavily stricken provinces by typhoon Josie in July 2018, the Church Administration quickly sent relief goods to the towns of Dinalupihan, Orani, Limay, and the City of Balanga.

### Memorable triumphs

Frequent evangelical missions and religious debates characterized the early years of *Iglesia Ni Cristo* in the province of Bataan. In 1952, Brother Felix Y. Manalo conducted a campaign (evangelical mission) in the town of Orani. This was followed in

1958 in the town of Dinalupihan. Led by Brother Pedro Briones, the then district supervising minister, a debate against Catholic defender Lino Javier was held in the town of Dinalupihan in 1956. Through the years, brethren in Bataan never got tired of propagating God's words. In 2007, a Grand Evangelical Mission was held at the plaza of the City of Balanga and was officiated by late Brother Maximo M. Bularan Jr. and Brother Ramil Parba, both ministers of the gospel. In 2015, a Grand Evangelical Mission was also held at the Plaza of Abucay, officiated once more by Brother Maximo Bularan Jr. In that same year, an Evangelical Mission through live streaming was officiated by Brother Angelo Eraño V. Manalo. In 2016, the late Brother Glicerio B. Santos Jr., then General Auditor of *Iglesia Ni Cristo*, officiated an evangelical mission in the city of Balanga. Also in that year,

a *Lingap sa Mamamayan* and Medical and Dental Mission was conducted. Brother Benildo Santiago officiated the said event.

The Ecclesiastical District of Bataan has equally exerted much effort in edifying the Church members. Special gatherings are held to further strengthen members. Oath-takings of new Church officers are also regularly held to help the Administration in overseeing the flock. On January 27, 2018, the brethren were blessed to have witnessed the ordination of 30 newly-ordained ministers officiated by our beloved Executive Minister, Brother Eduardo V. Manalo, in the house of worship of the Local Congregation of Dinalupihan. Such marks the fourth visit of the Executive Minister in the District of Bataan.

Amid the pandemic, the Ecclesiastical District of Bataan is able to



**Brother Isaias D. Antinew**  
District supervising minister



( A ) The ministers, ( B ) ministerial workers, and ( C ) the worship service class in Bataan Ecclesiastical District




keep up with the endeavors of the Church. With the help of new technologies, brethren continue participating in Church activities. Worship services through video streaming, household worship services, online evangelical missions, baptisms, and others keep the brethren to continue reaping victories in these hard times.

With faith and fervor, the brethren in Bataan promise to soldier on, fulfilling all that their divine election asks of them so that they will continue being a part of the Church's victory march, and most of all, receive the promised salvation. 🙏

With research assistance from Bataan District Multimedia



Find  
your next  
favorite  
podcast



WE INVITE YOU TO ATTEND OUR WORSHIP SERVICES



SCAN TO  
FIND OUT  
OUR PLACE  
OF WORSHIP  
NEAREST YOU

YOU RECEIVED THIS MAGAZINE FROM

NAME:

CONTACT NO.